# PIVOT EsPAPEL

*Edukasyon sa Pagpapakatao (EsP) Antas ng Pagpapahalaga, Ebalwasyon at Layon*

Pangalan: ___________________________ Antas/ Baitang: _____________ Puntos: ___________
Paaralan: _______________________ District / Cluster: ____________ Division: ______________

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC):** **Week: 2 Quarter: 3**

- Napatutunayan na may pananagutan ang bawat mamamayan na ibigay sa kapwa ang nararapat sa kanya.
- Natutugunan ang pangangailangan ng kapwa o pamayanan sa mga angkop na pagkakataon.

## Layunin

Sa araling ito, ang mga mag- aaral ay inaasahang:

1. Naipapakita ang kahalagahan ng pananagutan ng bawat mamamayan sa kapwa;
2. Nakapagbibigay ng ilang pananagutan bilang isang mamamayan sa kanyang kapwa;at
3. Natutugunan ang pangangailangan ng kapwa o pamayanan sa mga angkop na pagkakataon

## Panimula

**Basahin ang teksto:**

**ANG MORAL NA KAAYUSAN BILANG BATAYAN NG LEGAL NA KAAYUSAN NG KATARUNGAN**

"Ang batas ay para sa tao at hindi ang tao para sa batas"

Ang legal na batas ay siyang panlabas na anyo ng moral na batas. Ang legal na kaayusan kung gayon ay nararapat na maging tulay ng moral na kaayusan sa lipunan.

**KATARUNGANG PANLIPUNAN**

*Katarungan*- isang mahalagang pundasyon ng panlipunang pamumuhay
Ayon kay Dr. Manuel Dy, Jr., ang katarungang panlipunan ay hindi lamang sa ugnayan ng tao sa kanyang kapwa kundi sa ugnayan din niya sa kalipunan.

*Kapwa*- personal o interpersonal na ugnayan mo sa ibang tao.

*Kalipunan*- ugnayan ng tao sa isang institusyon o sa isang tao dahil sa kanyang tungkulin sa isang institusyon.

Ang katarungang panlipunan ay namamahala sa kaayusan ng ugnayan ng tao sa kanyang kapuwa at sa ugnayan ng tao sa kalipunan. Inilalagay nito sa ayos ang panlipunang ugnayan ayon sa kraytirya ng pagsunod sa batas. Isinasaalang-alang din nito ang mga panlipunan, pampolitikal, at pang-ekonomiyang aspekto ng tao, problema sa lipunan at mga maaaring solusyon ng mga ito tungo sa kabutihang panlahat.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1**:

Panuto: Magbigay ilang mahahalagang pananagutan ng isang mamamayan sa kanyang kapwa.

| ANG AKING PANANAGUTAN SA AKING KAPWA |
|---|
| |
| |
| |

## Pagpapaunlad

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2**

Panuto: Basahing mabuti ang bawat pangungusap at unawain ang tanong. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik nito sa sagutang papel

1. Alin sa mga sumusunod ang nagpapamalas ng katarungan?

   A. Pagsusumbong sa guro ng kaklaseng nangongopya

   B. Pagpapautang ng 5-6.

   C. Pagturing sa mga fixer ng lisensya bilang kapwa naghahanap buhay

   D. Wala sa nabanggit

2. Ang mga sumusunod ay panukalang makatarungan maliban sa:

   A. "Mata sa mata , ngipin sa ngipin"

   B. "Kunin mo lamang ang kailangan mo"

   C. "Walang sala hanggat hindi napapatunayang nagkasala

   D. "Tulungan ang lahat ng nanghihingi ng tulong

3. Ang katarungang panlipunan ay:

   A. ideyal lamang at hindi mangyayari talaga

   B. ukol sa parehong komunidad

   C. pinatutupad ng pamahalaan

   D. Wala sa nabanggit

4. Nagsisimula ang katarungang panlipunan sa:

   A. sarili　　C. lipunan

   B. pamahalaan　　D. Diyos

5. Nakapaloob sa katarungang panlipunan ang mga sumusunod:

   A. batas, kapwa , sarili

   B. Diyos, pamahalaan, komunidad

   C. baril, kapangyarihan, rehas

   D. batas, konsensya, parusa

## Pakikipagpalihan

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:**

Panuto: Mula sa iyong pagkatuto sa babasahin, punan ng mga angkop na salita ang mga pangungusap sa ibaba upang mabuo ang batayang konsepto.

May pananagutan ang bawat _____________ na ibigay sa ____________ ang _______________ sa _______________ sa kanilang pagkakasamang _______________.

Sagutin ang tanong:

Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag – unlad bilang tao?

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

## Paglalapat

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:**

Panuto: Nakagawa ka naba ng mga bagay na kung saan ay naisabuhay mo ang katarungan? Kung oo, ipaliwanag kung paano. Isulat sa talata ang iyong sagot.

__________________________________________________________________________

__________________________________________________________________________

__________________________________________________________________________

__________________________________________________________________________

__________________________________________________________________________

__________________________________________________________________________

__________________________________________________________________________

__________________________________________________________________________

__________________________________

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:**

Panuto: Sa iyong palagay, ano ang magandang maidudulot ng pagsasabuhay ng katarungang panlipunan sa kasalukuyan bilang isang mamamayan o tagapamahala.

## REPLEKSYON

A. Lagyan ng limang (5)☆(star) ang kahon sa ibaba kung nagawa mo nang maayos ang kahingian ng aralin, tatlo (3) kung katamtaman, at isa (1) kung nangangailangan ng karagdagang patnubay ng guro o magulang/ tagapangalaga.

B. Isulat sa patlang kung anong bahagi ng aralin ang nangangailangan ng karagdagang patnubay.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

**Link / References:**

EdukasyonsaPagpapakatao 9 (pahina 129- 146)
Sanggunian: Sheryll T. Gayola et.al. ,EdukasyonsaPagpapakatao 9, pp. 147-160
https://fdocuments.in/document/grade-9-esp-modulepdf.html